# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA II

## Yunit 3
## Modyul Blg. 10
## Kapwa Ko, Iginagalang Ko

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Ang isa pang bagay na dapat mong bigyang pansin ay ang paggalang. Ang pagpapahalagang ito ay lubhang kailangan sa pakikitungo at pakikipagugnayan sa kapwa. Paggalang ang nais ng bawat isa na matanggap sapagkat mayroon tayong dangal na pinangangalagaan. Tulad mo, bilang nagbibinata o nagdadalaga, tungkulin mong malaman ang tunay na kahulugan ng paggalang upang maging pangmatagalan at maayos mo ang pakikipag-ugnayan sa kapwa.

Hindi lamang sa “pagmamano o sa paghalik sa kamay,” sa paggamit ng “po” at “opo” maipapakita ang paggalang. Ito ay maaari ring ipakita sa pamamagitan ng pagsunod sa kanilang mga utos. Kailangan mong maisakatuparan ang lahat ng kanilang inuutos upang masabi na ikaw ay may paggalang sa nakakatanda. Subalit may mga pagkakataon na kung minsan ay naiisip mong sumuway sa kanilang kautusan, o kung minsan sinusunod mo sila pero hindi bukal sa iyong kalooban. Ito ay nagyayari lamang sa dahilang ikaw ay may nakikita na pagkakamali sa kanilang paggamit ng awtoridad.

Sa pagkakataong ito, hayaan mong ang modyul na ito ang maging gabay mo upang higit mong matutuhan at maunawaan ang tamang paggalang sa mga matatanda at sa nasa awtoridad sa iba’t – ibang pagkakataon.

Naipamamalas ang paggalang sa pagkatao ng kanyang kapwa [respect for the dignity of man] (L.C. 3.2)

A. Natatalastas na ang pagsunod ay tanda ng paggalang sa nakakatanda, mgulang at nasa awtoridad
B. Natatanggap na ang paggalang sa mga matatanda at nasa awtoridad sa pamamagitan ng pagsunod ay may angkop na pagkakataon.
C. Nakabubuo ng mga hakbangin sa pagwawasto ng maling pakikitungo sa mga magulang, nakatatanda at sa nasa awtoridad

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. Isulat ang salitang tama kung ang pangungusap ay tama at mali kung ito ay di wasto.

1. Dapat igalang ang mga matatanda sa lahat ng pagkakataon.
2. Ang paggalang ay maipapakita sa iba't -ibang paraan.
3. Ang pagsunod ay tanda ng paggalang.
4. Pinipili lamang ang taong dapat igalang.
5. Kailangan ang gumalang upang makagiliwan ng kapwa.
6. Ang paggalang ay nararapat na bukal sa kalooban.
7. Ang paggamit ng po at opo ay ang mga tanging tanda ng paggalang.
8. Tamang pagsunod ang pagsang -ayon ng di bukal sa kalooban.
9. Isang banal na gawain ang paggalang sa mga matatanda.
10. Ang paggalang ay nag-papakilala kung anong uri ng pagkatao mayroon ang isang indibidwal.

## III. Tuklasin Mo

Gawain Blg. I

A. Sagutin ang mga sumusunod ng <u>oo</u> o <u>hindi.</u>

1. Dapat bang tratuhin kami ng aming magulang na parang bata?
2. Dapat ba nilang buksan ang aming sulat?
3. Lahat ba ng aking mga karanasan ay sasabihin ko sa kanila ?

4. Dapat ba na magulang ang pumili ng aming damit, pati aming kurso?
5. Lagi bang tama ang magulang?
6. Dapat ba kaming piliting pumanig sa pananaw nilang pulitikal?
7. Kung iba ang aming paniniwala at kami'y nangatwiran binabastos ba namin sila na nasa awtoridad?
8. Dapat ba kaming parusahan ng hindi namin alam ang dahilan?
9. Dapat bang tumahimik na lamang kaming mga anak kapag nagtatalo ang aming mga magulang?
10. Dapat bang ang magulang ang magdedesisyon para sa akin habang ako'y tinedyer?
11. May karapatan bang paluin ako ng aking ikalawang tatay?
12. Marapat bang mag-iwasan na lang kami upang huwag kaming mag-away na magkakapatid?
13. Tama bang gamitin ng aming kapatid ang aming gamit na walang pahintulot?
14. Dapat bang kami ang nag-aalaga sa aming nakababatang kapatid?
15. Dapat bang utusan pa rin kami ng aming mga kamag-anak sa bahay namin nakatira?

Ang karamihan sa mga katanungang ito ay mukhang walang kabagaybagay sa tingin ng mga magulang. Subalit dapat nilang malaman na napakahalaga nito sa mga kabataan. Ang mga pagtutol ay mas mabuting naipapahayag kaysa supilin.

B. Ang mga sumusunod na pangungusap ay may kaugnayan sa pagkakaroon ng awtoridad ng magulang at pagsunod ng anak. Lagyan ng tsek (✓) kung alin dito ang nagpapakilala sa iyong magulang.

_____ 1. Binibigyan ang mga anak ng karapatan at obligasyon ayon sa edad
_____ 2. Tinatakot ang mga anak na sumunod sa kanila.
_____ 3. Hindi sinasabing lahat ang mga detalye kung bakit maaaring masama ang mangyayari kapag hindi sumunod sa kanila.
_____ 4. Iniiwasan ang masyadong maraming pagbabawal.
_____ 5. Binibigyan ng sapat na panahon ang anak upang mapabuti ang gawa.
_____ 6. Sinusunod ang ipinangako.
_____ 7. Marunong tumanggap ng tulong mula sa iba.
_____ 8. Angkop ang ibinibigay na parusa sa mga pagkakamali.
_____ 9. Maliwanag ang parusa nila sa aming mga anak
_____ 10. Laging pantay ang kapasyahan.
_____ 11. Marunong tumanggap ng opinyon mula sa anak
_____ 12. Hindi sinasabing lumayas na lang ng bahay kapag sila'y sinusuway.
_____ 13. Ipinapaliwanag kung ano ang tama at mali.
_____ 14. Pantay na pagtingin sa mga anak
_____ 15. Marunong umamin sa pagkakamali.

Bigyang kahulugan ang iyong ginawa sa pamamagitan ng paggamit ng sumusunod na interpretasyon.

| | |
|---|---|
| 6 – 9 | may kakulangan sa paggamit |
| 10 – 12 | mabuting pagpapakita ng awtoridad |
| 13 – 15 | Napakabuting pagpapakita ng awtoridad |

**Sagutin Mo**

1. Ano ang iyong masasabi sa katangian ng iyong mga magulang batay sa tinamong iskor? Ipaliwanag.
2. Batay sa iyong ginawang pagsusuri karapat-dapat bang sila ay igalang? Bakit?
3. Batay sa mga pangungusap sa gawain, nagkaroon ka ba ng pagkakataong mawalan ng paggalang sa mga magulang? Sa mga nakatatanda sa pamilya, maari ka bang magbigay ng isang pangyayari? Isulat sa kahon sa ibaba.

Halimbawa:

Naglayas ako ng bahay dahil pinalo at nagkalatay sa katawan. Ayaw maniwala ang magulang ko na wala akong kasalanan at hindi ako ang kumuha ng pera sa wallet. Sa palagay ko ay talagang hindi nila ako mahal dahil lagi na lang ako ang nakikita. .nila.



## Gawain Blg. 2

Basahin ang dalawang sitwasyon.

**A.** "Bryan, alam mong mahal ka namin. Tuwang-tuwa kami sa iyo at ipinagmamalaki ka namin. Subalit ang kasunduan ay kasunduan. Kapag sumira sa kasunduan, dapat tanggapin ang kaparusahan. Ang vase na nabasag mo ay nagkakahalaga ng Php800 at iyan ay mahal na mahal ng iyong mommy. Dahil sa paglalaro mo ng bola sa loob ng bahay, nabasag ito. Simula sa Lunes bawas ng Php50 ang baon mo hanggang mabayaran mo at mapalitan ng bago."

"Pero Dad, magpapasko na at kailangan ko ng pera."

"Nauunawaan kita anak pero nais ko na matuto kang sumunod."

**B.** "Bryan, sinabi ko na sa iyo, huwag kang maglalaro ng bola sa sala. Tingnan mo ang ginawa mo. Ang vase kong bigay ng lola mo ay nabasag. Kailan ka ba matututo bata ka. Alam mong 30 taon ko na iyang iniingatan. Para kang batang musmos. Mahiya ka nga. Ang tigas ng ulo mo…Bayaran mo iyan. Sige bawas ang allowance mo ngayon. Bwisit kang bata ka!"

## Sagutin Mo

1. Ano sa dalawang paraan ng pagtuturo ng pagsunod ang sa iyong palagay ay nararapat, A o B? Ipaliwanag.

| |
|---|
| |
| |
| |
| |
| |
| |

## IV. Ano ang Natuklasan Mo?

A. Isulat mo sa loob ng bulaklak at paru-paro ang natuklasan mong kaisipan at pagpapahalaga. Upang ito'y maibahagi at madala nila sa iba pang lugar at tao.



A. Sa tulong ng mga diyaryo o magasing makulay, lumikha ka ng isang bagay o simbolo na maaari mong ibigay sa mga taong tumulong sa iyo upang matuto ka ng paggalang.

B. Sa tulong ng mga diyaryo o pahayagan, lumikha ka ng isang bagay o simbolo na maaari mong ibigay sa mga taong tumulong sa iyo na maging magalang. Halimbawa, bulaklak na papel, vase na yari sa paper mache, decorative bottle at iba pa

## Sagutin Mo

1. Masaya ka ba sa gawain? Bakit?
2. Bakit mo pinili ang simbolong iyong nilikha?
3. Para kanino ang simboloat paano mo ito ibibigay sa kanya?
4. Malaki ba ang naitulong sa iyo ng mga taong sa paghubog ng mabuti mong pag-uugali? Paano ka nila ginabayan?

# V. Pagpapatibay

Ang taong may paggalang sa iba ay hindi mapang-agaw bagkus tinutulungan ang iba at ang sarili ayon sa karapatan, katayuan at pangyayari.

Mahalagang malaman kung anong klaseng paggalang ang dapat ibigay natin sa bawat nilalang ng Diyos. Ang una'y patungkol sa pang-unawa at pagtanggap at ang ikalawa'y tungkol sa partikular na intensyon na hinihingi ng isang relasyon. Halimbawa ang relasyon ng magulang at anak. Dito ay pangalawa lamang ang katangian ng mga magulang upang sila ay galangin sapagkat dapat lang silang igalang bilang mga magulang na pinagkakautangan ng buhay. Ang ikaapat na utos ang nagdidiin sa katotohanang tungkuling moral ng mga anak na sundin at igalang ang mga magulang. Ang paggalang na ito'y sumasaklaw sa mag-asawa sapagkat nasasaad sa banal na kasulatan na magpasakop sa isa't isa ang asawang lalaki at babae. Ang asawang lalaki ay nararapat ipakita ang kanyang pagmamahal sa kanyang asawa na ina ng kanyang mga anak at gayon din ang pagpapasakop ng asawang babae sa lalaki. Dapat nasasalamin ang damdamin ng mga anak. Dapat na pakitunguhang kapantay at katuwang ng babae ang lalaking asawa at hindi alipin o pag-aari.



Ang mga matatanda sa pamilya sa ngayon ay itinuturing ng nakararami na kalabisan o pabigat ay dapat pa ring bigyan ng paggalang at pagmamahal. Nakikita ng mga anak kung paano itinuturing ng kanilang mga magulang ang kanilang lolo at lola. Kaya't kung sila ay tatanda ganito rin ang magiging trato sa kanila ng kanilang anak tulad ng kasabihang "kung ano ang

itinanim, siyang aanihin." Ang matatanda ang nagsilbing tagapag-uganay ng henerasyon sa pamilya.

Ang nakatatandang kapatid ay marapat ding magsilbing huwaran ng mga nakababatang kapatid upang sila'y maging karapat-dapat na igalang. Ang mga nakababatang kapatid ay nararapat ding gumalang sa nakatatandang kapatid nila, ang mga alipin sa amo, at at ang mga mamamayan sa mga awtoridad. Ang mga nakatatanda sa gulang ay dapat ding bigyan ng karapatan sa paggalang.



Sa kabuuan, anuman ang katayuan at gulang ng tao'y nararapat gumalang at magmahalan sa isa't isa. Ito ay ng sabihin ni Hesus na "mahalin mo at igalang ang iyong kapwa tulad ng pagmamahal at pag-galang sa iyong sarili."

Sa tahanan, ang mga magulang ay tagpagpakita ng mabuting halimbawa. Ang pag-galang na iniuukol nila sa kanilang mga magulang ay nakikita at ginagaya ng kanyang mga anak. MInsan sa pagkakaroon ng malaking agwat ng gulang nagkakaroon ng di pagkakaunawaan at dito natututong mangatwiran ang mga kabataan. Dapat magkaroon ng mabuting pamantayan at gayundin ang maingat na pagsasaalang-alang sa bawat damdamin. Sabi nga sa banal na kasulatan, "Mga magulang huwag ibuyo ang mga anak sa pagkagalit". (Eph. 5)

Ang mga nasa awtoridad ay tinitingala kaya't marapat lamang na maging maingat sa pamumuhay sampu ng kaniyang pamilya. Dapat ay nalagpasan nila ang mapanuring mata ng mga tao. Sila ay dapat maging salamin ng katapatan uang maging kagalang-galang at matuto silang gumalang sa karapatan ng nasasakupan upang hindi sila masikil at mag-alsa. Ang mga taong ginagamit ang impluwensiya at posisyon upang gumawa ng anomaliya ay hindi karapat-dapat sa paggalang ng mamamayan.

Ang bata ay natututo sa matatanda.

Halaw sa Familiaris Consortio,
Gaudium Et Spies, Ephesians
at Character Building ni David Isaac

# VI. Pagnilayan Mo

Magbalik tanaw sa nakaraan. May napakitaan ka ba ng kawalang-galang sa miyembro ng pamilya, kamag-anak o iba pang nakatatanda. Magplano ka kung paano mo maiwawasto ang kawalan ng paggalang.

Halimbawa: Sinagot-sagot mo ang nanay mo dahil ayaw niyang maniwala na hindi ako kasama sa mga uninom ng alak ayon sa mga nagsumbongsa aming guro ng kami'y lumiban sa klase dahil birthday ng kaklase ko.

Unang Hakbang →

Halimbawa: Gumawa ng liham na nagpapaliwanag sa nanay. ____
______________________________
______________________________
______________________________

← Ikalawang Hakbang

b. Dalhin sa nanay ang isan_____ kaklaseng magpapatotoo.______
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

Ikatlong Hakbang →

c. Kausapin ng mahinahon ang nanay kung hindi na ito galit at ipaliwanang muli ang panig.
______________________________
______________________________

## VII. Gaano ka Natuto?

A. Ano ang gagawin mo sa mga sumusunod na sitwasyon?

1. Lagi kang inuutusan ng kuya mong mangutang sa tindahan gayong binilinan na kayo ng nanay mong huwang mangutang pa dahil nag-iwan siya ng pang-gastos.

2. Inutusan ka ng tatay mong nagbenta ng bawal na gamot.

3. Naiinis ka na sa mga kamag-anak mong nakatira sa inyo dahil sa halip na lima lang kayong magpapamilya na naghahati sa pagkain at lahat ng bagay ay sampu tuloy kayong naghahati-hati sa kita ng

magulang mo. Gusto mo na kayu-kayo lang magkakapatid, nanay at tatay mo sa bahay ninyo.

A. Lagyan ng tsek ang mga pangungusap na nagpapakita ng iyong paggalang.

| Nagpapakita ba ako ng paggalang sa mga matatanda kung: | Oo | Minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Pinakikinggan ang payo ng mga magulang. | | | |
| 2. Nagbibigay ng regalo sa loloat lola sa kanilang kaarawan. | | | |
| 3. Ipinagluluto ng paboritong ulam si tatay. | | | |
| 4. Nagagawang tapusin ang mga gawaing ipinag-uutos ni Nanay. | | | |
| 5. Hindi pinakikitunguhan ng masama ang kamag-anak na kasama sa bahay. | | | |
| 6. Sinusunod ang utos ni Kuya/Ate. | | | |
| 7. Tinutulungan at pinagpapaliwanagan ang nakababatang kapatid. | | | |
| 8. Nagpapasalamat sa allowance na ibinibigay ni Nanay. | | | |
| 9. Tinutulungan ang nakatatandang kamag-anak sa pagbubuhat ng mabibigat na dala. | | | |
| 10. Hindi sumasagot sa mga magulang kapag pinagagalitan. | | | |

B. Isulat ang P kung pananagutan o K kung karapatan.

_______________ 1. Paggalang sa magulang
_______________ 2. Paglilinis ng bahay
_______________ 3. Makapag-aral
_______________ 4. Maging ligtas sa sariling tahanan
_______________ 5. Magpasensiya sa kapatid na nakababata
_______________ 6. Isatinig ang saloobin
_______________ 7. Arugain ang magulang
_______________ 8. Sumunod sa ipinag-uutos
_______________ 9. Ipagtanggol ang magulang at kapatid sa masasamang loob
_______________ 10. Pagsisinop ng mga gamit

## VIII. Mga Sanggunian

University of Asia and the Pacific. (2001). *Familiaris Consortio.* Pasig City: Author. pp. 48, 54-55, 57

Apostolic Exhortation of Pope John Paul II on the Role of Christian Family

Education of Children Today, A Collection of Essay on Child Rearing p. 1-8

Isaac, David, Building, A for Parents and Teachers

Mihalic, Frank SUD, 1000 Stories you Can Use, Volume 2, Story No. 862, pp. 152-153

**Susi sa Pagwawasto**

| Handa Ka Na Ba? | Gawain Blg. 1<br>A. |
|---|---|
| 1. Tama | 1. Hindi |
| 2. Tama | 2. Hindi |
| 3. Tama | 3. Tama |
| 4. Mali | 4. Mali |
| 5. Mali | 5. Mali |
| 6. Tama | 6. Mali |
| 7. Mali | 7. Mali |
| 8. Mali | 8. Mali |
| 9. Tama | 9. Mali |
| 10. Tama | 10. Tama |
| | 11. Mali |
| | 12. Mali |
| | 13. Mali |
| | 14. Tama |
| | 15. Tama |